## I. NILALAMAN:

Ang araling ito ay tumatalakay sa mga pagbabagong nagaganap sa katawan, isipan, ugali at pagkilos ng mga nagdadalaga at nagbibinata. Madagdagan ang pang-unawa nila sa sarili sa tulong ng mga paliwanag ng guro kung paano dapat tanggapin ang mga epekto ng mga pagbabagong ito.

## II. LAYUNIN

Naipakikita ang kamalayan sa pag-unawa sa pagbabago ng sarili at sa pag-iwas sa panunukso.

## III. PAKSANG ARALIN

Paksa: Pagbabagong pisikal sa panahon ng Pagdadalaga at Pagbibinata

Sanggunian: K – 12 Curriculum Guide EPP 5 HE - ob – 3

Makabuluhang Gawain Pantahan at Pangkabuhayan Textbook p.
Ana Ventura, Evelyn Deliarta

Kagamitan: Larawan ng bata, dalaga at binata

## IV. PANIMULANG PAGTATAYA:

Paghambingin ang kaibahan ng isang sanggol sa bata, nagdadalaga at nagbibinata.

## V. PAMAMARAAN:

### A. PANGGANYAK:

Pagpapakita ng isang scrapbook ng isang bata na naglalarawan mula sanggol hanggang sa edad niya ngayon.

### B. PAGLALAHAD:

Pagsasalaysay ng sariling karanasan tungkol sa naging karanasan sa pagbabagong pisikal ng babae at lalaki.

### C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Gabayan ang mga mag-aaral, sumulat ng isang talata tungkol sa naging karanasan sa pagbabagong pisikal ng isang bata.

### D. PAGLALAHAT

Ang mga kasamabahay at kaibigan at pagtitiwala na siyang makatutulong sa pagpapaunlad ng kaisipan ng nagdadalaga at nagbibinata upang makaiwas sa panunukso.

## VI. PANGWAKAS NA PAGTATAYA

Isulat kung ang binanggit ay pagbabagong pisikal, ay katawan, kaisipan, pag-uugali o damdamin.

________ 1. Bukas ang isip sa mga nangyayari sa kapaligiran

_______ 2. Palaayos sa sarili

_______ 3. Pagsakit ng puson at balakang

_______ 4. Magiging palakaibigan

_______ 5. Magiging mahiyain

## VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN

Mag-interview ng mga resource person, magulang, kapatid, nurse, midwife o kapitbahay at alamin, itanong upang lalong maunawa ang pagbabago ng sarili upang makaiwas sa panunukso.

**Karagdagang Sanggunian:**

Batayang aklat sa Makabuluhang Gawaing PAntahanan at Pangkabuhayan 5
Ana Ventura at Evelyn Deliarta

## I. NILALAMAN:

Ang araling ito ay naglalayong makatulong sa mga bata upang matamo ang karagdagang kaalaman. Kasanay at saloobin upang matugunan at mapahalagahan ang wastong pang-unawa at pangangalaga sa sarili, sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata. Maipakita at mapahalagahan ang wastong ugali at paninindigan sa pagpapaunlad ng sarili.

## II. LAYUNIN

Naipapaliwanag kung paano maiiwasan ang panunukso dahil sa pagbabagong pisikal.

## III. PAKSANG ARALIN

Paksa: Pagbabagong pisikal sa panahon ng Pagdadalaga at Pagbibinata

Sanggunian: K – 12 Curriculum Guide EPP 5 HE - ob – 4

Makabuluhang Gawain Pangkabuhayan at Pantahan 5 p. 5 - 6

## IV. PANIMULANG PAGTATAYA:

Ipasagot ang sumusunod sa mag-aaral. Isaayos ang mga salitang ginulo sa pangungusap.

_______ 1. Ang pananakit ng tiyan ng isang nagdadalaga kapag may regal ay tinatawag na ( aehrronemsyd ).

_______ 2. Ang pagdaloy ng dugo sa babaeng nagdadalaga sa loob ng 3 – 7 araw ay ( alger ).

## V. PAMAMARAAN:

### A. PANGGANYAK

Laro: Palabunutan

Kukuha sa isang kahon ang mga bata ng binilot na papel at babasahin ang nakasulat ditto. Sabihin kung kanino nagaganap ang pagbabago.

### B. PAGLALAHAD

Brainstorming sa mga salik at epekto na dapat isaalang-alang sa pagbabagong pisikal ng isang bata.

C. **PAGPAPALALIM NG KAALAMAN:**

1. Anu-anong pagbabagong pisikal ang nakikita sa a. nagdadalaga b. nagbibinata
2. Ano-anu ang epekto ng mga pagbabago sa a. nagdadalaga b. nagbibinata

D. **PAGLALAHAT**

Sa gulang na 10 – 16 ay maraming pagbabagong nagaganap sa pangangatawan at pag-iisip ng isang babae at lalaki. Itoy hindi dapat ikahiya bagkus ay maging matapat at magtiwala sa sarili.

## VI. PAGTATAYA

Tukuyin ang mga epekto ang mga epekto ng mga pagbabago sa sarili
a. nagdadalaga    b. nagbibinata

**Karagdagang Sanggunian:**

Gabay sa Pagtuturo ng karunungang Pantahan V
Laheta Sangay ng Laguna 1992